CITY OF SAN JOSE
CAPITAL OF SILICON VALLEY

# ABISO SA PAMPUBLIKONG PAGDINIG:
# MGA PANUKALANG PAGBABAGO AT PAGPAPATIBAY NG MGA RATE NG NAIINOM NA TUBIG

Sa Hunyo 4, 2024, sa pulong nito na magsisimula ng 1:30 p.m., ang Konseho ng Lungsod ng San José ay magsasagawa ng isang pampublikong pagdinig tungkol sa mga pagbabago sa mga halaga at singil sa naiinom na tubig ng Sistema ng Tubig ng Munisipalidad ng San José (SJMWS). Ang pagdinig ay gaganapin sa Tanggapan ng Konseho ng Lungsod, sa 200 East Santa Clara Street, San José, California 95113. Ang pagtalakay sa mga rate ay magaganap kapag ang paksa ay maaaring marinig sa simula ng pagpupulong.

Sa pagdinig, ang Lungsod ay isasaalang-alang at aaprubahan ang mga halaga ng naiinom na tubig, singil sa metro ng tubig, singil sa sona, at singil sa pribadong linya ng tubig para sa sunog (magkakasama ay "Mga Halaga ng Tubig") simula sa taon ng pananalapi na 2024-25 (Hulyo 1, 2024 hanggang Hunyo 30, 2025). Ang Mga Halaga ng Tubig ay ibinabayad ng mga kostumer na pantahanan, pangkomersiyo, at pang-industriya. Ang iminumungkahing Mga Halaga ng Tubig at mga sampol na pagkalkula ng bill ay nasa mga sumusunod na pahina. Tinutukoy ng abisong ito ang pinakamataas na **potensyal** na pagtaas para sa mga halaga at singil sa naiinom na tubig ng SJMWS. Ang mga pinal na halaga ay susuriin at itatakda sa pagpupulong. Para sa tulong sa pagtukoy sa halaga ng mga iminungkahing pagsasayos ng halaga, mangyaring tawagan ang Customer Contact Center ng Lungsod ng San Jose sa (408) 535-3500.

## Epektibong Petsa sa Mga Pagbabago ng Halaga

Kung aprubahan ng Konseho ng Lungsod ang mga pagbabago sa halaga sa pagpupulong nito sa Hunyo 4, 2024, ang bagong halaga ng SJMWS ay magiging epektibo sa Hulyo 1, 2024. Kung hindi aprubahan ng Konseho ng Lungsod ang iminungkahing mga pagbabago sa halaga, mananatiling epektibo ang kasalukuyang halaga.

## Dahilan ng mga Panukalang Pagbabago ng Halaga

Ang SJMWS ay nagbibigay ng pangkaraniwang 15 milyong galon ng naiinom na tubig bawat araw sa mga residente at negosyo sa pook ng serbisyo ng Alviso, North San José, Evergreen, Edenvale at Coyote Valley. Kabilang sa sistema ang mga linya ng tubig, pump station, fire hydrant, imbakan ng tubig, balon, at metro ng tubig, pati na rin ang mga pasilidad na kinakailangan upang makasunod sa lahat ng pang-estado at pederal na pamantayan sa naiinom na tubig. Ang mga pagbabago sa Mga Halaga ng Tubig ay pangunahing nauugnay sa inaasahang tumaas na halaga ng pakyawan sa tubig na binibili ng SJMWS mula sa Valley Water at Komisyon sa Pampublikong Utilidad ng San Francisco (SFPUC), ng 12.9% at 13.1% ayon sa pagkakabanggit. Ang mga karagdagang pagbabago sa halaga ay may kaugnayan sa mga pagtaas ng enerhiya, ang pagpunan sa delingkwente at hindi nakolektang kita, kasama ang mas maliliit na pagbabago kabilang ang pagpapatupad ng proyektong Advanced Metering Infrastructure, at tumaas na mga gastos sa pagpapatakbo at pagpapanatili.

Ang Mga Halaga ng Tubig ay may dalawang singil: ang mga nakaukol sa pagbawi ng mga pirmihang gastos (mga singil sa metro) at iba't ibang mga gastos (mga halagang kaugnay ng dami). Patuloy na sisingilin ng hindi nagbabagong singil sa serbisyo ang mga kustomer batay sa laki ng metro ng tubig (Talahanayan 1), gayundin ang singil sa dami kada yunit ng nagagamit na tubig (Talahanayan 2). Kinakatawan ng mga panukalang halaga ng dami ang gastusin sa pag-suplay ng tubig sa mga kustomer sa loob ng bawat lugar ng serbisyo at sa loob ng mga elevation zone sa lugar ng serbisyo sa Evergreen/Edenvale. Ang mga kostumer na may nakalaang serbisyo sa sunog ay magbabayad din ng mga hindi nagbabagong singil sa serbisyo na tulad ng ipinakikita sa (Talahanayan 3).
Ang Mga Halaga ng Tubig ay sumasalamin sa mga inaasahang gastos ng pagkakaloob ng serbisyong tubig sa mga partikular na uri ng kostumer at mga lugar ng serbisyo. Ang mga iminumungkahing halagang kaugnay ng dami ay kinabibilangan ng isang halaga para sa bawat lugar/sona ng serbisyo, na sumasalamin sa pagkakaiba sa mga gastos ng pakyawang tubig na ipinagkakaloob sa bawat lugar ng serbisyo. Ang mga iminumungkahing singil sa metro ay sumasalamin sa mga gastos sa serbisyo sa bawat uri ng metro.

## Mahahalagang Deadline

Kung nais mong iprotesta ang iminumungkahing Mga Halaga ng Tubig, dapat mong gawin ang sumusunod upang mapasama ang iyong protesta sa opisyal na bilang na inihaharap sa Konseho ng Lungsod. Kung may protesta ng mayorya, hindi pagtitibayin ng Konseho ng Lungsod ang pagtaas. Ang iyong protesta ay dapat:

- **Matanggap ng Lungsod nang nakasulat** bago isara ang pampublikong pagdinig sa Hunyo 4, 2024.
- **Nakalagay ang iyong pangalan at ang address ng serbisyo** ng (mga) ari-arian na iyong pagmamay-ari o nirerentahan na batay sa iminungkahing pagsasaayos ng halaga.
- **Malinaw na sabihin na ikaw ay nagpoprotesta** sa iminungkahing pagbabago ng halaga.

Ang mga protesta ay dapat iharap nang personal sa pampublikong pagdinig o isumite sa Tanggapan ng Klerk ng Lungsod sa anyo ng liham, fax, o email.

| Koreo | Fax | Email |
|---|---|---|
| SJMWS Rate Changes<br>City of San José – Office of the City Clerk<br>200 E. Santa Clara St., Tower 14th Floor<br>San José, CA  95113-1905 | (408) 292-6207<br>San José Municipal Water System Rate Changes | WaterRateProtest@sanjoseca.gov |

**Legal na Hamon:** Mayroong 120-araw na batas sa mga limitasyon upang hamunin ang anumang bago, pagtaas, o pinalawak na bayad o singil.

**Talahanayan 1: Buwanang Singil sa Metro para sa Lahat ng Kustomer**

| **BUWANANG SINGIL SA METRO** *(batay sa laki ng metro)* | | |
|---|---|---|
| **Laki ng Metro** | **2023-24**<br>**Mga Kasalukuyang Singil** | **Mga Bagong Iminumungkahing Singil** |
| 5/8-inch | $38.19 | $40.87 |
| 3/4-inch | $38.19 | $40.87 |
| 1-inch | $67.54 | $72.27 |
| 1.5-inch | $116.42 | $124.58 |
| 2-inch | $175.11 | $187.37 |
| 3-inch | $360.90 | $386.17 |
| 4-inch | $634.72 | $679.16 |
| 6-inch | $1,387.70 | $1,484.84 |
| 8-inch | $2,365.58 | $2,531.18 |
| 10-inch | $3,734.64 | $3,996.07 |

**Talahanayan 2: Singil sa Dami**

| **SINGIL SA DAMI** *(kada HCF*)* | | |
|---|---|---|
| **Lugar/Sona ng Serbisyo** | **2023-24**<br>**Mga Kasalukuyang Singil** | **Mga Bagong Iminumungkahing Singil** |
| Evergreen/Edenvale – Zone 1 | $6.85 | $7.84 |
| Evergreen/Edenvale – Zone 2 | $6.98 | $7.99 |
| Evergreen/Edenvale – Zone 3/4 | $7.39 | $8.43 |
| Evergreen/Edenvale – Zone 5/6 | $7.91 | $8.98 |
| North San José/Alviso | $8.07 | $9.23 |
| Coyote | $2.81 | $3.22 |

**Talahanayan 3: Kada Dalawang Buwang Singil sa Pribadong Linya ng Tubig para sa Sunog**

| **KADA DALAWANG BUWANG SINGIL SA PRIBADONG LINYA NG TUBIG PARA SA SUNOG** (*batay sa laki ng serbisyo*) | | |
|---|---|---|
| **Laki ng Serbisyo** | **2023-24**<br>**Mga Kasalukuyang Singil** | **Mga Bagong Iminumungkahing Singil** |
| 2-inch | $25.63 | $27.43 |
| 3-inch | $38.43 | $41.13 |
| 4-inch | $51.23 | $54.82 |
| 6-inch | $76.83 | $82.21 |
| 8-inch | $102.42 | $109.59 |
| 10-inch | $128.04 | $137.01 |

*HCF = hundred cubic feet (isang daang cubic foot); 1 HCF = 748 galon

## Mga Epekto sa Pagsingil

Ang iminumungkahing Mga Halaga ng Tubig ay ipinakikita sa Talahanayan 1 at 2. Nakasaad sa itaas ng liham na nakalakip sa abisong ito ang zone na tumutukoy kung aling mga singil ang nalalapat sa iyong address ng serbisyo. Kung pagtitibayin ng Konseho ng Lungsod ang mga halaga gaya ng iminungkahi, ang epekto sa iyong bill ay makakalkula gaya ng ipinakikita sa mga halimbawa sa ibaba:

**Halimbawa ng Pagkalkula ng Bill ng Tubig na Naghahambing sa mga Kasalukuyan at Panukalang Rate**
Halaga ng Bill ng Tubig (nang hindi kasama ang buwis sa utility) = Singil sa Metro + (Dami x Rate kada HCF)

***Halimbawa para sa Residensyal sa Evergreen Zone 5/6:***
Buwanang Paggamit: 13 HCF
Laki ng Metro: 3/4-inch

**Kasalukuyang Buwanang Rate:** $38.19 + (13 HCF x $7.91) = $141.02
**Panukalang Buwanang Rate:** $40.87 + (13 HCF x $8.98) = $157.61

***Halimbawa para sa Hindi Residensyal sa North San José:***
Buwanang Paggamit: 100 HCF
Laki ng Metro: 2-inch

**Kasalukuyang Buwanang Rate:** $175.11 + (100 HCF x $8.07) = $982.11
**Panukalang Buwanang Rate:** $187.37 + (100 HCF x $9.23) = $1,110.37

**Nakadepende sa iyong lugar ng serbisyo, laki ng metro, at dami ng nagamit na tubig ang mga aktwal na epekto sa iyong bill.**
Ipinapakita ang mga pagkalkula ng halimbawa ng mga epekto sa bill para sa mga residensyal at pang-industriya na kostumer sa Talahanayan 4 at 5, ayon sa pagkabanggit . Kasama sa lahat ng halimbawang halaga ng bill ang Singil sa Metro at Singil sa Dami. Ang halimbawa ng buwanang bill sa residensyal ay batay sa 3/4-inch na metro at paggamit na 13 HCF. Ang halimbawa ng buwanang bill sa industriya ay batay sa 6-inch na metro at paggamit na 600 HCF.

**Talahanayan 4: Halimbawa ng Buwanang Bill sa Residensiyal (3/4" metro at paggamit na 13 HCF)**

| HALIMBAWA NG BUWANANG BILL SA RESIDENSYAL | | |
|---|---|---|
| | **2023-24 Mga Singil** | **Mga Bagong Singil** |
| Evergreen/Edenvale – Zone 1 | $127.24 | $142.79 |
| Evergreen/Edenvale – Zone 2 | $128.93 | $144.74 |
| Evergreen/Edenvale – Zone 3/4 | $134.26 | $150.46 |
| Evergreen/Edenvale – Zone 5/6 | $141.02 | $157.61 |
| North San José/Alviso | $143.10 | $160.86 |

**Talahanayan 5: Halimbawa ng Buwanang Singil sa Industriya (6" metro at paggamit na 600 HCF)**

| HALIMBAWA NG BUWANANG SINGIL SA INDUSTRIYA | | |
|---|---|---|
| | **2023-24 Mga Singil** | **Mga Bagong Singil** |
| Evergreen/Edenvale – Zone 1 | $5,497.70 | $6,188.84 |
| Evergreen/Edenvale – Zone 2 | $5,575.70 | $6,278.84 |
| Evergreen/Edenvale – Zone 3/4 | $5,821.70 | $6,542.84 |
| Evergreen/Edenvale – Zone 5/6 | $6,133.70 | $6,872.84 |
| North San José/Alviso | $6,229.70 | $7,022.84 |

## Mga Mapagkukunan para sa Mga Kustomer

Ang mga sumusunod na mapagkukunan ay maaaring makatulong sa iyong water account. Para sa karagdangang impormasyon, pakibisita ang **SanJoseCA.gov/WaterPaymentResources**. Ang mga karagdagang mapagkukunan ay idaragdag sa website na ito kapag sila ay naging available na.


- Makipag-ugnayan sa Customer Contact Center ng Lungsod sa anumang oras upang magtatag ng isang plano sa pagbabayad. Mangyaring tumawag sa (408) 535-3500 o mag- email sa customerservice@sanjoseca.gov.

- Magrehistro para sa WaterSmart sa **SanJose.WaterSmart.com** upang tingnan ang iyong nagamit na tubig, mag-sign up para sa mga alerto sa pagtagas, at kumuha ng mga tip sa pagtitipid ng pera.

- Magrehistro sa online sa **bit.ly/SJMWPaymentPlans** para sa katayuan na mababang kita/mahina sa iyong water account upang makatanggap ng mga benepisyo kabilang ang mga waiver o pagpapaubaya sa huling pagbayad at pinalawak na mga plano sa pagbabayad.

## Saan Napupunta ang Dolyar Mo*

Karamihan sa pera ng nagbabayad ng rate ay napupunta sa pagbili ng mataas na kalidad na inuming tubig mula sa Valley Water at sa San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC). Ang Valley Water at ang SFPUC ay parehong nagtataas ng kanilang mga singil dahil sa pagtaas ng gastos sa operasyon at tumataas na gastos sa proyekto. Gayunpaman, ang tubig ng SJMWS ay nagkakahalaga lamang ng isang sentimo bawat galon para sa mga kostumer.




**Bultuhang Pagbili ng Tubig** (Maiinom na tubig na binili mula sa Valley Water at SFPUC)

**Mga Gastos sa Operasyon** (Pamamahala; pagpapatakbo at pagpapanatili ng sistema ng tubig at kagamitan; arawang pagsubaybay at pagsusuri sa kalidad ng inuming tubig)

**Mga Pagpapahusay ng Sistema** (Regular na pag-buti sa mahahalagang tubo, tangke at iba pang kagamitan)

**Mga Gastos sa Enerhiya** (Elektrisidad, gas at solar power upang patakbuhin ang sistema ng

*Grapikong pagpapakita ng humigit-kumulang na mga gastos; sumangguni sa mga dokumento sa badyet ng Lungsod para sa aktuwal at inaasahang mga gastos at paggasta.